



C A L I F O R N I A

DEPARTMENT OF JUSTICE



V I C T I M S ' S E R V I C E S U N I T

Batas sa Katipunan ng mga Karapatan ng mga Biktima ng 2008

Marsy's Card at mga Mapagkukunan

**Upang pagkalooban ang mga biktima ng mga karapatan sa hustisya
at naaangkop na proseso**

Pangalan ng Opisyal:

Telepono:

Pangalan ng Tagausig:

Telepono:

Ulat ng Pulisya #:

Sup. Court #:

Pangalan ng Nasasakdal:

DOB:

Noong Nobyembre 4, 2008, inaprubahan ng Mamamayan ng Estado ng California ang Proposisyon 9, ang Batas sa Katipunan ng mga Karapatan ng mga Biktima ng 2008: Marsy's Law. Inamyendahan ng hakbang na ito ang Saligang Batas ng California upang pagkalooban ng mga karagdagang karapatan ang mga biktima. Naglalaman ang card na ito ng mga partikular na seksyon ng Katipunan ng mga Karapatan ng mga Biktima at mga sanggunian. Posibleng makakuha ang mga biktima ng krimen ng karagdagang impormasyon kaugnay ng Marsy's Law at impormasyon sa lokal na Sentro ng Tulong para sa mga Biktima at Saksi sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Yunit ng mga Serbisyo para sa Biktima ng Attorney General sa 1-877-433-9069 o sa pamamagitan ng aming website na www.oag.ca.gov/victimservices/contact.

Tinukoy ang 'biktima' sa ilalim ng Saligang Batas ng California na "taong dumaranas ng tuwirang o pinagbantaan ang pisikal, sikolohikal, o pinansiyal na pinsala bilang resulta ng paggawa o pagtatangkang paggawa ng krimen o delingkuwenteng kilos. Kasama rin sa terminong 'biktima' ang asawa, mga magulang, anak, kapatid, o tagapag-alaga ng taong iyon, at kabilang ang legal na kinatawan ng biktima ng krimen na namatay, menor-de-edad, o walang kakayahang pisikal o sikolohikal. Hindi kasama sa terminong 'biktima' ang taong nasa kustodiya dahil sa pagkakasala, ang akusado, o ang taong tinutukoy ng korte na hindi kikilos para sa pinakamahuhusay na interes ng biktimang menor de edad." (S.B. Cal., art. I, § 28(e).)

MGA SANGGUNIAN PARA SA BIKTIMA SA BUONG ESTADO

Mga Serbisyong Pamproteksiyon sa Matanda (Adult Protective Services): Nakatuon ang ahensyang ito na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga nakatatanda at dependiyenteng nasa hustong gulang na napapailalim sa pagpapabaya, pang-aabuso, o pagsasamantala. Para mag-ulat ng mga pang-aabuso o pagpapabaya o para makipag-ugnayan sa mga Serbisyong Pamproteksiyon sa Matanda sa inyong county, mangyaring tumawag sa 1-833-401-0832.

Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California, Tanggapan para sa mga Karapatan at Serbisyo ng mga Biktima at Nakaligtas (Office of Victim & Survivor Rights & Services, OVSRS): Nagbibigay ang ahensyang ito ng impormasyon tungkol sa mga parole hearing, mga kondisyon ng parole, mga pagbabago sa katayuan ng kustodiya, at restitusyon kapag ang lumabag sa batas ay nasa loob ng kulungan sa California. Kung mayroon kayong anumang katanungan o nangangailangan kayo ng tulong, mangyaring tumawag sa 1-877-256-6877 o mag-email sa www.cdcr.ca.gov/victim_services

Programang Kompensasyon ng Biktima: Ang Lupon ng Kompensasyon ng Biktima sa California (California Victim Compensation Board, CalVCB) ang huling sangguniang nagbibigay ng bayad. Kung natutugunan mo ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, makakatulong ang CalVCB sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga gastusing resulta ng krimen. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga requirement sa pagiging kwalipikado, mga krimeng saklaw ng CalVCB at mga kwalipikadong gastusin, mangyaring direktang makipag-ugnayan sa inyong lokal na Victim Witness Center (Sentro para sa Biktima at Saksi) o sa CalVCB sa 1-800-777-9229 o bumisita sa www.victims.ca.gov

Sentro ng Mapagkukunan para sa mga Biktima sa California: Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan ng biktima, mga mapagkukunan para sa mga biktima sa kanilang heograpikong lugar, at impormasyon tungkol sa restitusyon. Kung mayroon kayong anumang katanungan o nangangailangan kayo ng tulong, mangyaring tumawag sa 1-800-VICTIMS o mag-email sa www.1800victims.org

Serbisyo ng Relay ng California: Nagbibigay ang ahensyang ito ng mga Communication Assistant na may espesyal na pagsasanay para sa mga caller na may kapansanan sa pagsasalita, bingi o nahihirapang makarinig. Kung mayroon kayong anumang katanungan o nangangailangan kayo ng tulong, mangyaring i-dial ang 711 o tumawag sa 1-800-735-2929.

Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Saksi: Para makakuha ng impormasyon tungkol sa inyong lokal na mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Saksi, adbokasiya, impormasyon tungkol sa proseso ng hustisyang kriminal at iba pang sanggunian sa inyong heograpikong lugar, mangyaring makipag-ugnayan sa Yunit ng mga Serbisyo para sa Biktima ng Attorney General sa 1-877-433-9069, bisitahin ang www.oag.ca.gov/VictimServices.

Mga Programang Pangkomunidad para sa Restorative Justice (Panunumbalik ng Katarungan): Ayon sa mga Seksyon 679.02 at 679.027 ng Kodigo Penal ng California, hinihikayat ng “restorative justice” ang pananagutan, paghilom, at pagsasaayos kapag may naganap na pinsala. Kasama sa mga prosesong ito ang mga pinangasiwaang pagpupulong sa pagitan ng taong nasaktan, ng taong nakapanakit, ng kanilang mga pamilya, at ng mga miyembro ng komunidad upang talakayin ang mga ugat ng pananakit at ang mga naging epekto nito, at upang magtaguyod ng pananagutan at paghilom. Ang mga proseso ng restorative justice ay maaaring humantong sa mas malalim na pag-unawa sa pinsalang nagawa, makahulugang pagpapahayag ng pananagutan, at mga kasunduan na magsagawa ng mga tiyak na aksyon upang itama ang pinsala, personal o serbisyong pangkomunidad, pakikibahagi sa trabaho o pagpapayo, at pagbabayad ng restitusyon. Kung interesado kang matuto tungkol sa mga programang restorative justice na nakabatay sa komunidad o lokal na pamahalaan sa inyong county, makipag-ugnayan sa Yunit ng mga Serbisyo para sa Biktima ng Attorney General sa 1-877-433-9069 o sa pamamagitan ng aming website sa www.oag.ca.gov/victimservices/contact.

MGA PAMBANSANG SANGGUNIAN NG BIKTIMA

Pambansang Sentro para sa mga Biktima ng Krimen: 1-202-467-8700 • victimsofcrime.org



CALIFORNIA DEPARTMENT OF JUSTICE

OFFICE OF THE ATTORNEY GENERAL

Katipunan ng mga Karapatan ng mga Biktima

Saligang Batas ng California, Artikulo I, Seksyon 28(b)

Upang mapangalagaan at maprotektahan ang mga karapatan ng biktima sa hustisya at naaangkop na proseso, may karapatan ang biktima sa mga sumusunod na karapatan:

1. Tratuhan nang patas at may paggalang sa kaniyang privacy at dignidad, at maging malaya sa pananakot, panliligalig, at pang-aabuso, sa buong proseso ng hustisyang kriminal o para sa mga nagkasalang menor-de-edad.
2. Makatuwirang maprotektahan mula sa nasasakdal at mga taong kumikilos sa ngalan ng nasasakdal.
3. Maisaalang-alang ang kaligtasan ng biktima at pamilya ng biktima sa pagsasaayos ng halaga ng piyansa at mga kondisyon sa paglabas para sa nasasakdal.
4. Maiwasan ang pagsisiwalat ng mga kumpidensiyal na impormasyon o rekord sa nasasakdal, sa abogado ng nasasakdal, o sinumang ibang tao na kumikilos sa ngalan ng nasasakdal, na puwedeng gamitin para hanapin o ligaligin ang biktima o ang pamilya ng biktima, o nagsisiwalat ng mga kumpidensiyal na komunikasyon na ginawa sa kurso ng medikal o counseling na pagpapagamot o kung hindi man ay itinuring na lihim o kumpidensiyal ng batas.
5. Tanggihan ang panayam, deposisyon, o kahilingan sa discovery ng nasasakdal, abogado ng nasasakdal, o sinumang ibang tao na kumikilos sa ngalan ng nasasakdal, at magtakda ng mga makatuwirang kondisyon sa paglulunsad ng anumang gayong panayam na pinahihintulutan ng biktima.
6. Makatuwirang maabisuhan at makatuwirang sumangguni sa ahensyang nag-uusig, kapag hiniling, kaugnay ng pag-aresto sa nasasakdal kapag batid ng tagausig, mga kasong isinampa, pagpapasya kung iiekstradisyon ang nasasakdal, at, kapag hiniling, maabisuhan sa at masabihan bago ang anumang disposisyon bago ang pagdinig ng kaso.
7. Makatuwirang maabisuhan ng lahat ng pampublikong pagdinig, kabilang ang mga pagdinig sa pagkakasala ng menor-de-edad, kapag hiniling, kung saan may karapatang dumalo ang nasasakdal at tagausig, at ng lahat ng parol o iba pang pagdinig sa paglabas pagkatapos ng hatol ng pagkakasala, at makadalo sa lahat ng naturang pagdinig.
8. Mapakinggan, kapag hiniling, sa anumang pagdinig, kabilang ang anumang pagdinig sa pagkakasala ng menor-de-edad, na kinasasangkutan ng desisyon sa paglabas pagkatapos ng pag-aresto, pahayag sa hukuman, pagsesentensiya, desisyon sa paglabas pagkatapos ng hatol sa pagkakasala, o anumang pagdinig kung saan pinag-uusapan ang karapatan ng biktima.

9. Mabilis na pagdinig at maagap at pinal na pasya sa kaso at anumang kaugnay na pagdinig pagkatapos ng pasya.
10. Magbigay ng impormasyon sa opisyal sa kagawaran sa probasyon na naglulunsad ng pagsisiyasat bago ang pagsentensiya tungkol sa epekto ng pagkakasala sa biktima at sa pamilya ng biktima at anumang rekomendasyon sa pagsesentensiya bago ang pagsesentensiya sa nasasakdal.
11. Makatanggap, kapag hiniling, ng ulat bago ang pagsesentensiya kapag available na sa nasasakdal, maliban sa mga bahaging ginawang kumpedensiyal ng batas.
12. Masabihan, kapag hiniling, sa hatol, sentensiya, lugar at oras ng pagkabilanggo, o iba pang disposisyon ng nasasakdal, sa nakaiskedyul na petsa ng paglabas ng nasasakdal, at ang paglabas o pagtakas ng nasasakdal mula sa kustodiya.
13. Karapatan sa restitusyon (bayad-pinsala).
 - A. Malinaw na intensyon ng Mamamayan ng Estado ng California na ang lahat ng taong dumaranas ng mga pinsala bilang resulta ng mga kriminal na aktibidad ay dapat magkaroon ng karapatang humiling at makamtam ang restitusyon mula sa mga taong nahatulang maysala sa mga krimen nagdulot ng mga pinsalang kanilang dinaranas.
 - B. Dapat magmula ang restitusyon mula sa mga nahatulang nagkasala sa bawat kaso, anupaman ang sentensiya o disposisyong ipinapataw, kung saan nakaranas ng pinsala ang biktima ng krimen.
 - C. Dapat ilapat muna bilang kabayaran sa halagang ipinag-utos bilang restitusyon sa biktima ang lahat ng salapi, pinansiya, at ari-arian na nakolekta mula sa sinumang ipinag-utos na gumawa ng restitusyon.
14. Maagap na pagbabalik ng ari-arian kung hindi na kailangan bilang ebidensiya.
15. Masabihan ng lahat ng pamamaraan sa parol, makilahok sa proseso ng parol, magbigay ng impormasyon sa awtoridad ng parol na isasaalang-alang bago ang parol ng nagkasala, at maabisuhan, kapag hiniling, sa parol o iba pang paglabas ng nagkasala.
16. Maisaalang-alang ang kaligtasan ng biktima, ng pamilya ng biktima at ng publiko bago ang anumang parol o iba pang nagawang desisyon sa paglabas pagkatapos ng pasya.
17. Masabihan sa mga karapatang binanggit sa talata (1) hanggang (16).

Posibleng ipatupad ng biktima, ng kinuhang abogado ng biktima, ng legal na kinatawan ng biktima, o ng abogado nang-uusig, kapag hiniling ng biktima, ang mga karapatan sa itaas, na ginagarantiya bilang kanilang karapatan, sa anumang hukuman sa pagdinig at hukuman sa pag-apela na may hurisdiksiyon sa kaso. Dapat maagap na kumilos ang korte sa naturang kahilingan.

(S.B. ng Cal., art. I, § 28(c)(1).)